

BE SAFE ★
CHICAGO ★



**Maging Ligtas. Mas
Mataas na Edukasyon**



Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong



Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit



Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga ginawa para disimpektahan ang espasyo

Nakitang patnubay



Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Matatag na mga operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad



Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Matatag na mga operasyon



Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa paggalaw ng mga tao sa pagitan ng mga lokasyon

Pagsusuri / pagsubaybay




Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

Maging Ligas. Mas Mataas na Edukasyon

Nakaguhit na halimbawa:



MAINGAT NA MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Ano ang maaring maging iba?

- 1** Mga nakikitang palatandaan na nakapaskil sa buong pasilidad tungkol sa kalinisan, paglayo mula sa kapwa, PPE at higit pa
- 2** Ipagbawal ang access sa lahat ng mga lugar na ginagamit ng lahat, kabilang ang mga cafeteria
- 3** Madalas na dinidisimpektahan ng mga tauhan ang gusali, at nililinis pagkatapos ng bawat paggamit ang mga silid-aralan
- 4** Ayusin ang daloy ng trapiko para bawasan ang pagkakalantad sa mga pasukan/labasan
- 5** Hindi bababa sa **6** na talampakang layo sa pagitan ng lahat ng mga mag-aaral sa isang silid-aralan
- 6** Dapat isuot ang mga pantakip sa mukha ng lahat ng mga indibidwal sa lahat ng oras

- Inirerekomendang patnubay -



Bawasan ang pakikisalamuha at tiyakin ang paglayo sa kapwa

- Tiyakin ang hindi bababa sa 6 na talampakang paglayo sa kapwa sa pagitan ng mga tauhan, guro, at mag-aaral sa buong pasilidad (hal., mga lobby, kuwarto)
- Maglagay ng mga pamprotektang harang sa pagitan ng mga istasyon (hal., mga computer) kung saan hindi maaari ang paglayo sa kapwa
- Ipagbawal ang paggamit ng mga tirahan sa loob ng campus maliban na lamang kung pinahintulutan ng institusyon sa ilalim ng mga pambihirang sitwasyon



Limitahan ang kapasidad ng silid-aralan sa 25%, at hindi hihigit sa 50 indibidwal

- Para sa mga klaseng personal na dinadaluhan, limitahan ang bilang ng mga tao sa kuwarto sa 25%, nang hindi lalagpas sa 50 indibidwal (habang pinapanatili pa rin ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan)
- Limitahan ang lahat mga pagpupulong sa labas ng mga klaseng personal na dinadaluhan sa hindi hihigit sa 10 indibidwal—kung saan ang pagpupulong ay nangangahulugan bilang isang planado o biglaang kaganapan kung saan nakikisalamuha ang mga indibidwal sa mga taong hindi nakatira sa parehong sambahayan nang malapit (<6 na talampakan) sa matagal na oras—at (para sa mga espasyong nasa loob) 25% na kapasidad
- Ipagbawal ang access sa lahat ng mga lugar na ginagamit ng lahat, kabilang ang mga kuwarto para sa pahinga at mga cafeteria



Iatas sa lahat ng mga indibidwal ang pagsuot ng mga pantakip sa mukha

- Iatas ang paggamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o mga kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha at ibang mga isyu sa ADA)
- Huwag iatas ang pagsuot ng mga pantakip sa mukha sa anumang lugar kung saan maaari itong maging mapanganib (hal., espesyal na laboratoryo); kung hindi maaari ang pagsuot ng mga pantakip sa mukha, magsagawa ng mga dagdag na pag-iingat (hal., paglayo sa kapwa)



Maglagay ng sanitizer sa kamay sa mga pasukan at labasan, at sa buong pasilidad

- Tiyaking maraming istasyon para sa sabon at tubig o sanitizer sa kamay sa/malapit sa lahat ng mga pasukan/labasan, timeclock, lugar na ginagamit ng lahat, at iba pang patungan at gamit na madalas hawakan
- Hikayatin ang mga tauhan at mag-aaral na maghugas ng kamay pagpasok nila sa mga pasilidad, at regular itong gawin buong araw
- Limitahan ang paggamit ng mga pinaghahatiang gamit, kagamitan (hal., mga keyboard)
- Hikayatin ang mga empleyado na magkumpleto ng pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan na nauugnay sa COVID-19 sa pagbalik sa trabaho

Maging Ligtas. Mas Mataas na Edukasyon

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



MAINGAT NA MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Access sa
Pagpasok

Suriin ang mga pasukan at labasan para higit na makamit ang paglayo sa kapwa at limitahan ang pisikal na pakikisalamuha

- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, sinusuri ng mga tauhan at guro ang kanilang sarili (hal., palatanungan – tingnan ang appendix) para matiyak na walang sintomas ng COVID-19
- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Pagbawalang pumasok ang sinumang indibidwal na sinusubukang pumasok sa gusali/campus na may sakit o nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19
- Pahintulutan lamang ang access sa mga pasilidad para sa mga indibidwal na may balidong I.D. (na madaling nakikita); lahat ng mga tauhan, guro, at mag-aaral ay dapat makatanggap ng paunang pag-apruba at pahintulot para sa mga esensyal na aktibidad lamang (hal., access sa mga computer para gawin ang mga takdang-aralin)
- Limitahan ang access para sa mga hindi esensyal na bisita
- Paghigpitan ang access sa mga fitness center ayon sa mga pinakabagong alituntunin ng Lungsod tungkol dito



Mga
pamantayan
sa paglilinis

Maglinis araw-araw at nang mas madalas sa/sa paligid ng mga lugar na madalas dinadaan

- Sundin ang mga alituntunin sa paglilinis na ibinalangkas ng CDC
- Linisan at disimpektahan ang mga silid-aralan, lab, at kuwarto para sa conference sa pagitan ng mga paggamit
- Madalas na hugasan/linisin ang mga banyo, hawakan ng pintuan, switch ng ilaw, opisina, at iba pang mga lugar at gamit na madalas hawakan
- Punasan ang mga pinaghahatiang kagamitan/muwebles pagkatapos ng bawat paggamit (hal., mga lamesa, upuan, telepono, copy machine)
- Tiyaking nililinis ng mga mag-aaral ang espasyong ginamit sa silid-aklatan pagkatapos ng bawat paggamit

- Inirerekomendang patnubay -



Maging Ligas. Mas Mataas na Edukasyon

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



MAINGAT NA MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



**Nakikitang
patnubay**



**Lugar ng
trabaho**

Maglagay ng mga palatandaan sa mga pasukan/labasan at iba pang lugar na madalas daanan

- Magbigay ng nakikitang patnubay sa mga pamantayan sa kalinisan, paglayo sa kapwa, at mga protokol sa paglilinis
- Kung saan maaari, pag-isipang maglagay ng mga nakikitang marka na 6 na talampakan ang layo para hikayatin ang paglayo sa kapwa
- Kung maaari, gumamit ng mga nakikitang tanda para ibahin ang daloy ng trapiko para bawasan ang pakikisalamuha sa pagitan ng mga indibihwal (hal., pagtatalaga ng mga lugar na pasukan/labasan)
- Maglagay ng mga nakikitang palatandaan tungkol sa pinakamaraming bilang ng tao sa lahat ng ginagamit na silid-aralan

Tukuyin ang lahat ng masisikip na lugar (hal., mga pasilyo, pasukan), at tiyaking nasusunod ang mga pag-uugali para sa paglayo sa kapwa

- Hikayatin ang pagdaloy ng trapiko na sumusunod sa mga alituntunin ng CDC sa paglayo sa kapwa
- Kung saan maaari, tanggalin ang mga muwebles sa mga lugar na ginagamit ng lahat para isulong ang paglayo sa kapwa (hal., mga lobby)
- Hikayatin ang paggamit ng mga hagdanan, at kung maaari, ayusin ang daloy ng trapiko para maging one-way
- Limitahan ang paggamit ng mga elevator, at bawasan ang kapasidad sa mas mababa sa 25% (kung saan maaari)
- Tiyaking walang ginagamit na mga pinaghahatiang espasyo ng trabaho, maliban na lamang kung saan maaari ang paglayo sa kapwa
- Huwag gamitin ang mga fountain ng tubig, maliban na lamang para sa mga istasyon para sa pag-refill ng bote ng tubig na hindi kailangan hawakan
- Isulong ang paggamit ng mga natatapon na baso, plato, kubyertos

- Inirerekomandang patnubay -

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Mas Mataas na Edukasyon

Mga operasyon at pagsubaybay



MAINGAT NA MAGBUKAS MULI
(Yugto III)



Mga
modelong may
pleksibilidad

Ipagpatuloy ang pagtrabaho mula sa malayo hangga't maari

- Bigyan ng prioridad sa access ang mga esensyal na tauhan lamang; iatas na kailangan ng pahintulot mula sa supervisor bago bumalik sa trabaho
- Hikayatin ang mga guro na magtrabaho mula sa malayo hangga't maari
- Magbigay ng access sa mga dulugan para sa pag-aaral mula sa malayo sa lahat ng mga mag-aaral



Katagan ng
operasyon

Iba-ibahin ang oras ng mga shift at gumawa ng mga pangkat

- Kung maari, iba-ibahin ang oras ng mga shift at iggrupo ang mga indibidwal sa mga hindi nagbabagong pangkat
- Hikayatin ang paggamit ng putol-putol na araw ng trabaho/linggo ng trabaho para mabawasan ang pananatili sa loob




Mga
alituntunin sa
pagbiyahe

Bumiyaheng lamang para sa mga esensyal na dahilan

- Suspendihin ang biyahe sa loob at labas ng bansa; may pagbubukod para sa esensyal na pagbiyahe na may paunang pag-apruba para sa mga kritikal na layunin lamang

- Inirerekomendang patnubay -





Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng mga alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado o mag-aaral bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Ang sinumang empleyado o mag-aaral na nagkaroon ng malapit na pakikisalamuha sa sinumang taong natukoy bilang mayroong COVID-19 ay dapat mag-quarantine ng sarili ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng gusali o pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng mga patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho



Glosaryo

Pagpupulong: Isang planado o biglaang kaganapan kung saan nakikipagsalamuha ang mga indibidwal sa mga taong hindi nakatira sa parehong sambahayan nang malapit (<6 na talampakan) sa matagal na oras

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng masinsinang paglinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng kumpletong pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili



Pangkalahatang
patnubay sa
lugar ng trabaho

Patnubay sa
Mas Mataas
na Edukasyon

Pahayag ng
Pagtanggap

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):*

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19):* <https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

US Department of Education – *COVID-19 Information and Resources for Schools and School Personnel (Impormasyon at Dulugan ukol sa COVID-19 para sa Mga Paaralan at Tauhan ng Paaralan):*

<https://www.ed.gov/coronavirus>

CDC – *Guidance for colleges and universities (Gabay para sa mga kolehiyo at unibersidad):* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/colleges-universities/index.html>

Karagdagang Patnubay Mula sa CDC – *Reopening guidance on cleaning (Gabay sa muling pagbubukas ukol sa paglilinis):*

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/reopen-guidance.html>

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.